
gikan sa
# SILYAB
an dakulang sulo

Ispesyal na Isyu No. 5 | Setyembre 2019
Taon XLIV Blg. 8

Rebolusyonaryong pangmasang pahayagang ilinalathala ng Partido Komunista ng Pilipinas-Bagong Hukbong Bayan sa Rehiyong Bikol



## Bibiguin ng Masang Bikolano ang RTF ng Rehimeng US-Duterte!

**Pahayag ni Ka Ma. Roja Banua, Tagapagsalita ng NDF-Bikol**

Marapat lamang na salubungin ng matinding protesta at paglaban ang pormal na pagbubuo sa Regional Task Force to End Local Armed Conflict (RTF-ELCAC). Noong Agosto 19-20, pumunta sa rehiyon sina DILG USec. for Peace and Order Bernardo Florece Jr. at DICT Sec. Gregorio Honasan upang pulungin ang humigit-kumulang 400 upisyal ng Regional Peace and Order Council (RPOC), Regional Development Council (RDC) at Joint Task Force Bicolandia (JTFB).


Ang pagbubuo ng RTF ay katumbas ng higit na masaklaw na pagkubabaw ng militar sa lahat ng aspeto ng sibilyang burukrasya at higit na mararahas at agresibong operasyong militar sa kanayunan at kalunsuran. Kinukumpleto ng RTF ang makinarya ng rehiyon para sa puspusang pagpapatupad ng EO 70 alinsunod sa estratehiyang Whole-of-Nation Approach (WONA) ng pasistang rehimeng US-Duterte.

Ang RTF, JTFB at iba pang makinaryang nagpapatupad at nagtitiyak ng EO 70 sa rehiyon ay malinaw na tumatarget, hindi lamang sa rebolusyonaryong kilusan, kundi higit sa masa. Umabot na sa 43 ang sibilyang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang mula nang mabuo ang JTFB noong Hunyo 11, 2018. Kabilang dito ang siyam na kabataan, pitong nakatatanda, tatlong kapitan at tatlong kagawad. Nito lamang Hunyo, anim na katao ang pinaslang sa loob ng isang linggo. Kabilang dito sina Ryan Hubilla, isang senior high school student at Nelly Bagasala, isang senior citizen. Ang dalawa ay kapwa kilalang tagapagtaguyod ng karapatang-tao at kasapi ng Karapatan-Sorsogon. Si Hubilla ay tatayo sanang testigo para sa Writ of Amparo case na isinampa ng grupong Karapatan laban sa AFP.

Tuluy-tuloy din ang pambabraso sa mga upisyal ng lokal na yunit ng gubyerno na pumirma sa mga Memorandum of Understanding (MOU) na nagpapahintulot sa presensya ng militar sa mga baryo at iba pang sibilyang istruktura sa loob ng mga komunidad. Kasabay ng pinatinding abusong militar tulad ng hamletting, pagpapataw ng curfew, sapilitang pagtitipon sa mga taumbaryo, pambabanta, paniniktik at iligal na kondukta ng sensus at survey, nagpapalaganap ang 9th IDPA at JTFB ng mga orkestradong engkwentro upang pagtakpan ang kanilang mga pasistang krimen. Nitong Agosto 13, sa gitna umano ng isang engkwentro, binomba mula sa ere at pinaulanan ng bala ng isang kumpanya ng 83rd IBPA ang isang lugar na malapit sa komunidad ng Brgy. Lidong, Caramoan na nagresulta sa sapilitang paglikas at pagkagambala ng humigit-kumulang 200 pamilya. Dagdag pa rito ang humigit-kumulang 30 pamilya sa kalapit na Sityo Kamansi sa Brgy Toytoy, Garchitorena. Wala ang yunit ng NPA sa naturang lugar na tinarget ng anim na bomba at machine gun ng dalawang combat helicopter.

Sa kalunsuran, pinatindi ang red-tagging at pagtugis sa mga lider masa at kasapi ng mga progresibo at makabayang organisasyon. Matapos ang isang araw mula nang paslangin sina Hubilla at Bagasala sa Sorsogon, pinatay din ng mga elemento ng death squad ng 9th IDPA si Nephtali Morada, dating Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) Regional Campaign Coordinator, habang lulan ng motorsiklo sa Naga City. Isang buwan lamang matapos nito, idinawit sa isa umanong labanan sa Payak, Bato at sinampahan ng gawa-gawang kaso ang pitong aktibista kabilang ang isang senior citizen. Ang naturang labanan ay isang misengkwentro sa pagitan

*...sundan sa pahina 3*



*mula sa pahina 2...*

ng mga pwersa ng Police Mobile Force Camarines Sur at 83rd IBPA.

Dapat manindigan ang masang Bikolano laban sa kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte. Ang pinakabulnerableng biktima sa pinakamasasahol na atake ng rehimen ay ang sibilyang populasyon. Ginagamit ng rehimeng US-Duterte ang kampanyang kontra-insurhensya upang iwasiwas ang isa sa mga pinakamatitinding kampanyang panunupil laban sa mamamayan sa kasaysayan ng bansa. Sa pamamagitan ng pag-apula sa makabayang diwa ng masang inaapi at pinagsasamantalahan at pagpapairal ng de-facto Batas Militar, tinatanggal ng pangkating Duterte ang lahat ng hadlang para sa pagbabago ng Konstitusyon at lubusang panghihimasok ng imperyalistang US sa ekonomya, pulitika at militar ng Pilipinas. Dapat ubos-kayang biguin ng masang Bikolano ang pagpapatupad ng Oplan Kapanatagan, MO 32 at EO 70 sa rehiyon. Dapat magpunyagi sa tuluyang pagpapabagsak sa taksil, papet, pasista at teroristang rehimeng US-Duterte!

**Labanan ang RTF-ELCAC! Biguin ang MO 32 at EO 70!**

**Ibagsak ang Papet at Pasistang Rehimeng US-Duterte!**

**NOTA: Nauna nang bumisita si DILG Sec. Eduardo Año para sa paghahanda ng pulong na ito. Sa Oktubre, inaasahang muling pumunta sa rehiyon si DICT Sec. Gregorio Honasan para sa pagsinsin ng pagpapatupad ng EO 70 at pagpapagana ng RTF-ELCAC.*

# *Silyabalita*

## Pagbubuo ng RTF-ELCAC sa Bikol, Sinalubong ng Malawak na Protesta

Kinasusuklaman ng mga Bikolano ang pagbubuo ng RTF-ELCAC at pinatinding militarisasyon sa Bikol. Sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Bikol (BAYAN-Bikol), daan-daan ang naglunsad ng protesta sa tarangkahan ng Legazpi City Convention Center, kung saan nagkaroon ng oryentasyon ang mga lokal na upisyal ng iba't ibang bayan at siyudad ng Bikol para sa pagpapatupad ng EO 70.

Tampok sa protesta ang mariing pagkundena sa mga paglabag sa karapatang tao tulad ng pambobomba at istraping sa buong komunidad ng Brgy. Lidong Dagang, Caramoan, Camarines Sur at pagpaslang sa mga kasapi ng makabayan at progresibong grupo sa Masbate, Sorsogon at Camarines Sur.

Pinagpupugayan ng NDF-Bikol ang inisyatiba at kapangahasan ng kilusang masa na tutulan, labanan at ilantad ang RTF-ELCAC. Sa papatinding pasistang atake ng rehimeng US-Duterte, walang hihigit pang epektibong pananggalang ang mamamayan kung hindi ang kanilang pagkakaisang labanan ito.

"Asahan ng RTF-ELCAC at ng rehimeng US-Duterte na hindi huhupa ang paglaban ng mamamayan. Higit lamang na pinasisiklab ng pasismo ang diwa ng masang Bikolano na magkaisa, labanan at ibagsak ang pasista at teroristang rehimen," ani Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol.

## Pambubomba ng Militar sa Camarines Sur, Kinundena Masang Bikolano!


Matagumpay na nakapaglunsad ang BAYAN-Bikol, Karapatan-Bikol, mga taong-simbahan at iba pang institusyong nagtataguyod ng karapatang tao ng isang fact-finding mission hinggil sa pambubomba at istraping sa Caramoan, Camarines Sur noong Agosto 13.

Lumalabas sa isinagawang FFM na naganap ang aerial bombing at istraping ng mga elemento ng 83rd IBPA at Philippine Air Force sa Sitio Kamansi, Brgy. Toytoy at Brgy. Lidong, kapwa sa pagitan ng bayan ng Caramoan at Garchitorena, gayong walang namang presensya ng NPA sa lugar. Batay sa panayam sa mga residente, tumagal ang pambubomba nang halos dalawang oras, mula ala-una hanggang 2:45 ng hapon, at nagresulta ng matinding takot at ligalig sa masa.

Ayon sa mga ulat na nakarating sa tanggapan ng Silyab, nang mamataan ng mga residente ang mababang lipad ng mga helicopter ay lumapit ang ilang masa sa pag-aakalang maghuhulog ang mga ito ng relief goods. Laking-gulat ng mga residente nang walang kapararakang nagpaulan ng bala at naghulog ng bomba ang mga militar. Napilitang lumikas ang mga residente ng Sityo Kamansi, Brgy. Toytoy at Brgy. Lidong dahil sa pangyayari. Umabot sa hindi bababa sa 230 pamilya ang apektado ng naturang pambobomba.

*...sundan sa pahina 4*

mula sa pahina 3...




Ayon pa sa ulat, may ilang batang nawalay sa kanilang mga tagapag-alaga at napasabay na lamang sa biglaang paglikas ng ilang mga residente patungo sa covered court ng bayan ng Garchitorena. Ang ilang matatanda ay nahirapang lumabas ng kanilang mga tirahan. Samantala, may ilan ding mga magsasakang naiwan ang kanilang mga gamit sa produksyon sa pagmamadaling umalis sa erya. May ilang napabalitang tumalon sa sapa, napaihi sa salawal at nawalan nang malay dahil sa matinding takot.

Matapos ang insidente, mayroong ilang magsasakang hindi pa rin nakabalik kaagad sa kanilang mga taniman dahil sa nagpapatuloy na presensya ng militar sa lugar. Tumagal nang dalawang linggo ang panggagalugad ng militar sa erya. Nag-operasyon ang kaaway maging sa mga karatig-bayan ng Maligaya, Gibgos at Bicalen.

Ayon kay Ka Baldomero Arcanghel, tagapagsalita ng Tomas Pilapil Command sa kanyang panayam sa Silyab, "sadyang nakababahala ang mga operasyong militar ngayon ng Joint Task Force Bicolandia dahil higit na marahas, agresibo at tuso ang kanilang mga atake laban sa masa. Iyan ngang aerial bombing sa Caramoan, hindi nila iyan isinapubliko! Sa una nilang *press release*, pinalalabas nilang may naganap na sagupaan sa pagitan nila at ng mga kasama habang pinagtatakpan ang ginawa nilang pagpapaulan ng bomba sa mga residente."

"Kaya nga ipinapanawagan natin mula sa TPC ang kahalagahan ng patuloy na paglalantad at paglaban sa pasismo ng estado laluna sa bisa ng EO 70 ngayon. Dahil maagap at malakas ang paglaban ng masa, hindi maituluy-tuloy ng reaksyunaryong gubyernong ang paglalarga ng papatinding terorismo at pasismo sa rehiyon," dagdag pa niya.

Ayon naman sa pahayag na ilinabas ng NDF-Bikol, linilikha ng rehimeng US-Duterte ang klima ng kaguluhan upang bigyang-daan ang pagbabago sa Konstitusyon at tuluy-tuloy na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran ng kanyang among imperyalistang US.

"Dapat manindigan ang masang Bikolano laban sa kontra-mamamayang gera ng rehimeng US-Duterte. Ang pinakabulnerableng biktima sa pinakamasasahol na atake ng rehimen ay ang sibilyang populasyon. Ginagamit ng rehimeng US-Duterte ang kampanyang kontra-insurhensya upang iwasiwas ang isa sa mga pinakamatitinding kampanyang panunupil laban sa mamamayan sa kasaysayan ng bansa. Sa pamamagitan ng pag-apula sa makabayang diwa ng masang inaapi at pinagsasamantalahan at pagpapairal ng de-facto Batas Militar, tinatanggal ng pangkating Duterte ang lahat ng hadlang para sa pagbabago ng Konstitusyon at lubusang panghihimasok ng imperyalistang US sa ekonomya, pulitika at militar ng Pilipinas," ani Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol, sa isang panayam.

# PAKAHULUGAN NG MGA TERMINO

**INTERNATIONAL HUMAN RIGHTS LAW (IHRL), KILALA RIN SA TAWAG NA HUMAN RIGHTS (HR).** Ito ang kalipunan ng mga internasyunal na batas at kaayusang pinagtibay sa pamamagitan ng mga tratado, kumbensyon o kaya ay kinaugalian ng mga lipunan. Sa bisa nito, maaaring igiit ng mga indibidwal at grupo ang kanilang mga karapatan, paraan ng pagkilos o mga benepisyo mula sa kani-kanilang mga gubyerno. Ang karapatang tao ay mga likas na karapatan ng bawat indibidwal. Itinatakda ng IHRL ang mga batas na marapat sundin ng mga gubyerno sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga indibidwal, komunidad at mamamayan.

**ANG OTORIDAD AT MGA AHENTE NG OTORIDAD**

a. Tinutukoy nito ang sinumang pinagkalooban ng batas ng kapangyarihan, bilang isang indibidwal o bahagi ng isang ahensya ng gubyerno, anumang antas ng hukuman o anumang yunit na kontrolado ng gubyerno;

b. Kabilang dito ang kapitan ng baryo o barangay at sinumang, sa ilalim ng direktang probisyon ng batas, ay nahalal o kaya ay itinalaga ng may-kakayahang otoridad, sa tungkuling panatilihin ang kaayusan at ipagtanggol ang katiyakan sa buhay at kabuhayan, tulad ng kagawad ng baryo, tanod at iba pang lider sa loob ng barangay.

c. Kabilang dito ang mga elemento at upisyal ng militar at pulis


d. Kabilang din dito ang mga elementong nasa ilalim ng tuwiran at hindi tuwirang kontrol ng Estado, kabilang, ngunit hindi lamang, ang mga Civilian Home Defense Force (CHDF), mga Civilian Armed Forces Geographical Unit (CAFGU), Barrio Self-Defense Unit (BSDU), Civilian Active Auxiliary (CAA), civilian volunteer organizations (CVOs) at iba pang mga yunit para-militar na bubuuhin ng sandatahang lakas ng Estado sa hinaharap;

e. Kabilang din ang mga pribadong armadong grupo at grupong vigilante na pinakikilos at inaatasan ng militar at pulis sa ilang takdang panahon.

f. Tinuturing ding ahente ng otoridad ang mga indibidwal na nagbibigay-tulong sa sinumang indibidwal na may-otoridad.

**SIBILYAN.** Mga indibidwal na walang armas, bahagi o hindi ng anumang pampulitikang samahan. Gayunpaman, ang mga indibidwal na sinasandatahan ang sarili o kaya ay gumagamit ng ilang tipo ng sandata para sa pang-ekonomya, pangkultura at/o pampulitikang dahilan at hindi bahagi ng armadong pakikibaka ay itinuturing ding sibilyan. Halimbawa ay ang mga katutubong komunidad, mangangaso o indibidwal na nagmamay-ari ng mga baril para sa pagtatanggol sa sarili o kaya ay para sa libangan.

**KOMBATANT.** Mga organisadong indibidwal na mayroong tiyak at malinaw na pampulitikang hangarin na sumusunod sa kanilang kinikilalang pampulitikang otoridad at nagsusulong ng armadong pakikibaka upang makamit ang kanilang layunin. Sa ganitong balangkas, tinuturing na kombatant ang mga kasapi ng New People's Army (NPA), Bangsamoro Army at Armed Forces of the Philippines (AFP), liban sa kanilang mga medik at kapelyan. Kabilang din sa mga itinuturing na mga kombatant ang mga armadong elementong bahagi




ng mga operasyon ng pulis at operasyong kontra-insurhensya na tuwiran at di-tuwirang kontrolado ng Estado, kabilang ngunit hindi lamang, ang Civilian Home Defense Force (CHDF), mga Civilian Armed Forces Geographical Unit(CAFGU), Barrio Self-Defense Unit (BSDU), Civilian Active Auxiliary (CAA), civilian volunteer organizations (CVOs) at iba pang yunit para-militar na bubuuhin ng sandatahang lakas ng Estado sa hinaharap, kabilang na ang mga pribadong armadong grupo at grupong vigilante.

**HORS DE COMBAT.** Tumutukoy sa pagkakataong ang isang kombatant ay wala na sa katayuan at walang kakayahang lumaban o armasan ang sarili. Kabilang dito ang mga sugatan, mayroong sakit o kaya ay sumuko (katawagan: hindi na kombatant).

**BATA.** Lahat ng indibidwal na may edad 17 taon pababa. Kabilang din dito ang sinumang ang mental na kakayahan ay kawangis ng sa isang bata, sa pagpapatunay ng anumang syentipikong pamamaraan.

**PAMILYA.** Batayang yunit ng lipunan na mayroong likas na karapatang protektahan ng Estado at ng lipunan. Para sa istadistika, anim ang bilang na gagamitin para sa abereyds na bahagi ng isang pamilyang Pilipino.



**ARI-ARIAN.** Anumang pisikal, maging hindi nasasalat na bagay, na pagmamay-ari ng isang indibidwal o ng ilang grupo ng mga indibidwal. Ilan sa mga karaniwang kinikilalang tipo ng ari-arian ang real property (o mga propyedad na tulad ng lupa at istruktura), personal na ari-arian (pisikal na propyedad na pagmamay-ari ng isang tao), pribadong pag-aari (propyedad na pagmamay-ari ng mga indibiwal o negosyong kinikilala ng batas).

**EKSTRAHUDISYAL**. Walang pahintulot ng anumang hukuman o ligal na otoridad o kaya ay naganap nang wala sa proseso ng hudikatura at walang karampatang proseso.

**MIRANDA RIGHTS.** Ito ang karapatan ng isang indibidwal na manatiling tahimik at karapatang malaman na anuman ang kanyang sabihin ay maaaring gamitin laban sa kanya; ito ang karapatan na mamili ng sariling tagapagtanggol; at ang karapatan na malaman na angkin niya ang naturang mga karapatan sa presensya ng kanyang ligal na tagapagtanggol sa panahong siya ay isasailalim sa imbestigasyon o kaya naman idinetine at iniinteroga o iniimbestigahan nang mayroong kaugnayan sa isang krimen.

**INTERNATIONAL HUMANITARIAN LAW (IHL).** Kalipunan ng mga internasyunal na batas at kaayusan, na pinagtitibay ng mga tratado, kumbensyon o kaugalian na nakatuon sa pagbibigay ng makataong patnubay at paggabay sa mga armadong sigalot at pagresolba sa mga makataong suliraning ibinubunga ng naturang mga internasyunal o lokal na armadong hidwaan. Pinuprotektahan nito ang mga sibilyang indibidwal at ari-arian na naaapektuhan, o maaaring maapektuhanm ng armadong sigalot at linilimitahan ang mga pagkilos at hakbangin ng mga panig sa armadong hidwaan sa pagpili ng kanilang tipo ng sandata at manera ng digma.

**MGA INTERNASYUNAL NA ARMADONG SIGALOT.** Tinutukoy nito ang mga digmang nagaganap sa pagitan ng dalawa o higit pang estado, mga digmang pagpapalaya, mayroon man o walang deklarasyon ng digma at kinikilala man o hindi ng mga magkakabilang panig na mayroong katayuang nakikidigma.

**MGA LOKAL NA ARMADONG SIGALOT.** Tinutukoy nito ang mga armadong hidwaan sa pagitan ng pwersa ng gubyerno at iba pang mga armadong grupo sa loob ng bansa, o kaya naman ay mga rebeldeng grupong magkalaban.

***Nakatala sa isyung ito ang bilang ng mga paglabag sa karapatang tao ng rehimeng US-Duterte mula 2016 hanggang sa kasalukuyan at mga partikular na detalye ng matitingkad na kaso.***

# PAGLABAG SA MGA KARAPATANG SIBIL AT PAMPULITIKA

## 92

### EKSTRAHUDISYAL NA PAMAMASLANG

6-Camarines Norte
19-Camarines Sur
6-Albay
32-Sorsogon
27-Masbate
2-Tinutukoy pa ang mismong lugar na pinangyarihan



## 1150

### PAMBUBOMBA

1,150-Camarines Sur

## 8

### MASAKER

3 - Camarines Sur
1-Sorsogon
4-Masbate

## 1

### PANGGAGAHASA

1-Sorsogon

## 29

### TORTYUR

14-Masbate
15-Camarines Sur

## 12

### BIGONG PAGPASLANG

3-Camarines Sur
1-Albay
3-Sorsogon
5-Masbate

# 3980

## PAMBABANTA, PANANAKOT AT PANHAHARAS

5 indibidwal, 4 na komunidad - Camarines Norte
2,930 na indibidwal, 6 na komunidad - Camarines Sur
35 na indibidwal - Albay
1,010 na indibidwal-Masbate

# 65

## SAPILITANG PAGPASOK SA MGA TAHANAN

1-Camarines Norte
5-Camarines Sur
10-Albay
25-Sorsogon
24-Masbate

# 7*

## ISTRAPING

2 komunidad-Camarines Sur
2 komunidad-Albay
2 komunidad-Masbate
1 barangay-Camarines Sur

# 205

## HAMLETTING

1 komunidad-Camarines Sur
105-Sorsogon
100-Masbate

# 305

## ILIGAL NA PAG-ARESTO AT PAGKULONG

1-Camarines Norte
2-Camarines Sur
302-Masbate

# 29

## PAGDUKOT

1-Camarines Norte
5-Camarines Sur
23-Masbate

# 2*

## PAGMAMANMAN

2 komunidad - Camarines Norte

# 49

## ILIGAL NA PAGHALUGHOG AT PAGKUMPISKA

1-Camarines Norte
9-Albay
24-Sorsogon
15-Masbate



**EKSTRAHUDISYAL, ARBITRARYO O TAHASANG PAMAMASLANG.** Bagamat may mga partikular na pagkakaiba, ang mga pamamaslang na ito ay karaniwang tinutukoy bilang ekstrahudisyal na pamamaslang (extrajudicial killings) o EJK sang-ayon sa praktika ng tanggapan ng UN Special Rapporteur sa ekstrahudisyal, tahasan o arbitraryong pagpatay.

*Ekstrahudisyal na pamamaslang* – Pamamaslang na kasabwat, hinikayat, pinahintulutan o aktwal na isinagawa ng mga ahente ng estado (militar at pulis o sinumang tagapagpatupad ng batas) nang hindi dumadaan at labas sa karampatang proseso ng batas.

*Asasinasyon* – isang halimbawa ng EJK, ay kinatatangian ng isang pinagplanuhan, lihim at biglaang atake na nagreresulta sa agaran o kinalaunang kamatayan ng target o biktima na kadalasan ay isang kilalang pulitikal na personahe.

*Tahasang Pamamaslang (Summary Execution) o Salbeyds* – kilala rin bilang salbeyds, ay ang pagpatay sa sinumang hawak o nasa kustodiya na ng mga ahente ng estado o sinumang matapos na madakip o madukot ay wala na sa kapasidad na lumaban o pumalag sa mga dumakip at nanghuli sa kanya.

*Arbitraryong Pamamaslang* – pamamaslang ng mga ahente ng estado na walang tinatanging target. Halimbawa nito ay ang mga pagpatay na dulot ng istraping o todo-todong pagpapaputok sa mga komunidad.

*Masaker o Pamumuksa* – Lansakan o maramihang pagpatay (higit tatlong katao ang target na kadalasan ay nasa isang parehong oras at lugar). Maaari itong ekstrahudisyal, arbitraryo o tahasan.

**TANGKANG PAGPASLANG**

a. Tinutukoy ang mga pagkakataong nasimulan ang akto ng pagpaslang ngunit hindi ito naisakatuparan nang buo dahil sa iba't ibang dahilan tulad ng nakatakas ang target, pagdating ng mga hindi inaasahang testigo sa lugar ng pagpaslang, at iba pa, o kaya ay

# NELLY BAGASALA

69 taong gulang
Human Rights Worker
Ekstrahudisyal na Pamamaslang



Aktibong kasapi ng KARAPATAN-Sorsogon, isang institusyong nagtataguyod ng karapatang tao. Noong Hunyo 14, walang patumanggang pinagbabaril si Bagasala habang nakasakay ng pampasaherong traysikel. Kasama niyang pinaslang si **Ryan Hubilla,** estudyante ng senior high school.

b. Kung naisakatuparan ng salarin ang pagpaslang ngunit nakaligtas ang biktima.

**SINADYA O SAPILITANG PAGKAWALA.** Ito ang pagdukot, pag-aresto at pagdetine o anumang uri ng pagkakait ng kalayaan ng mga ahente ng Estado o sinumang binigyang-otoridad, suporta o pahintulot ng Estado, kasunod ang pagtanggi ng naturang akto ng pagkakait ng kalayaan o pagtatago ng kinahinatnan o kinaroroonan ng biktima sa intensyong alisin siya mula sa proteksyon ng batas.

Ang nawawalang indibidwal ay ituturing na sinadyang mawala kung hindi malaman ang kanyang kinaroroonan sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras. Sa panahong lumitaw na ang nawawalang indibidwal, itinatala na ang kaso angkop na kategorya ng ekstrahudisyal na pamamaslang o iligal na detensyon.

**SAPILITANG PAGPAPATIWAKAL.** Tinutukoy nito ang pagkakataong itinutulak ang isang indibidwal na wakasan ang sariling buhay matapos ang iligal na detensyon, panonortyur o pambabanta ng kamatayan o kaya ay pambabanta ng tortyur ng kanyang mga kaanak, kabilang ang panggagahasa sa kanyang asawa at mga anak.

**PAGDUKOT O ARBITRARYO/ILIGAL NA PAG-ARESTO.** Ang pagdukot ay ang akto ng sapilitang pagkuha ng otoridad sa isang indibidwal o anumang tipo ng pagsikil sa kanyang kalayaan tulad ng paghuli sa kanya ng armadong pwersa ng Estado nang hindi nagpapakita ng kanilang otoridad na gawin ito, at pagpapalaya sa kanya sa loob ng 72 oras.

Ang arbitraryo o iligal na pag-aresto ay ang paghuli ng otoridad sa isang indibidwal o anumang tipo ng pagsikil sa kanyang kalayaan sa bisa ng kulang na mga batayan o kaya nang walang anumang ligal na batayan ng pag-aresto kahit na hindi siya nahuli sa akto ng pagsasagawa ng isang krimen o ni hindi magsasagawa o nagsagawa ng krimen. Maaari itong maganap sa porma ng 'pagdampot', pagdala ng indibidwal sa kustodiya ng otoridad o 'pag-imbita' para sa interogasyon. Kabilang dito ang paggamit ng masasaklaw at pangkalahatang batayan na gumagamit ng mga pangkalahatang pagkikilanlanan tulad ng John at Jane Doe upang bigyang matwid o bihisan ng ligalidad ang isang kwestyunableng pag-aresto. Maaari ring 'gamutin' ang isang kaso ng arbitraryong pag-aresto ng paglalabas at pagsuhay ng ligal na batayan ng aresto matapos ang mismong paghuli.

Kabilang din sa arbitraryong pag-aresto ang animo'y hindi mapanganib na kaugalian ng pulis at militar na imbitahan ang mga indibidwal at pagtatanong sa kanila ng mga usaping may kaugnayan sa mga diumano'y krimen o pagkakasala o kaya ay ang pag-alam ng kanilang katayuan o pagsali sa anumang organisasyon o pampulitikang samahan.

Ang isang indibidwal na arbitraryo inaresto ay maaaring palayain sa loob ng 72 oras matapos ang isinagawang interogasyon, nang pinuputulan ng ugnay mula sa sinuman at/o nang nakararanas ng tortyur.

Ang iligal na pag-aresto sa lima o higit pang indibidwal ay maaaring tawaging maramihang iligal na pag-aresto.

**ARBITRARYO O ILIGAL NA DETENSYON.** Tinutukoy nito ang isang indibidwal na patuloy na pinagkakaitan ng kalayaan o kaya naman ay nakadetine sa isang lugar tulad ng istasyon ng pulis, kulungan o kampo ng militar nang lampas sa 72 oras. Maaaring sampahan nang sampahan ng mga kaso ang dinetine upang mapahaba ang panahon ng detensyon. Ang mga pagdinig sa korte ay nagkakaiba-iba sa dalas at kakayahang pagpasyahan ang

mga kaso batay sa tindi ng pagturing sa indibidwal bilang 'kaaway ng estado' ng militar at gubyerno. Ang biktima ay maaari ring isailalim sa "house arrest" o pagkakakulong sa sariling tahanan nang mayroong malulubhang limitasyon sa kalayaang kumilos.

**TORTYUR.** Tinutukoy nito ang pagdudulot ng malubhang sakit o papapahirap, pisikal man, sikolohikal o mental sa isang indibidwal at kinakatangian ng anumang masahol na paraan ng malupit, hindi-makatao o mapangbusabos na pakikitungo o pagpaparusa, na sinadyang gawin sa biktima ng militar o ahente ng Estado upang makakuha ng impormasyon, magpaamin, ipahamak ang sarili at iba, sirain ang pagkatao at/o itulak ang biktimang maging ahente ng militar.

Ilang halimbawa ng sikolohikal na tortyur ang pagputol sa ugnay ng indibidwal mula sa sinuman o kaya ay pagkulong sa kanya nang mag-isa; pagkakait ng tulog; pagkakait ng kanyang pakiramdam at iba pang pandamdam sa pamamagitan ng pagpiring o paglalagay sa kanya sa isang lugar na walang liwanag; banta ng kamatayan, panggagahasa at iba pang tipo ng pisikal na pananakit sa indibidwal at kanyang mga kaanak; pagpaparinig sa kanya ng mga hiyaw ng iba pang tinotortyur; pagpapahubad sa kanya o pagkakait ng kalayaang gumamit ng banyo nang mag-isa; masamang pulis-mabait na pulis na estilo ng mga imbestigador; disimpormasyon at kasinungalingan tungkol sa kanyang mga kapwa bilanggo; at iba pa.

Ilang halimbawa naman ng pisikal na tortyur ang pangunguryente ng utong, ari at iba pang sensitibong bahagi ng katawan; "water treatment"; panggagahasa at iba pang tipo ng sekswal na pandarahas (laluna sa kababaihan); pagbibitin sa ere; pagpalo ng kahoy,



ROBERTO NARIS, 30
RONEL NARIS, 25
ANTONIO BONAGUA DELOS REYES
Masaker

Masaker ng mga magniniyog sa Ragay, Camarines Sur sa pangunguna ng 83rd Infantry Battalion. Ilinibing nang buhay si Roberto Naris. Nakita ang kanyang bangkay na nakalubog sa lupa, nakabaluktot at walang pantaas na damit. Linapastangan ng militar ang mga katawan nina Ronel at Antonio.

pambubugbog, pagpalo ng nakatuping papel; pagpapatiwarik; pagpaso ng plantsa at upos ng sigarilyo; pagpapahubad at pagpapaupo sa bloke ng yelo o pagpupwesto sa kanya sa tapat ng nakabukas na airconditioner; pananampal; pagpilipit sa mga daliri nang may nakaipit na punglo; pagsugat sa mga daliri ng paa at tuluy-tuloy na pagpalo rito; pagtanggal ng kuko; at iba pa.

**PANGGAGAHASA.** Pwersahang pagpasok ng ari ng lalaki o iba pang bahagi ng katawan o anumang bagay sa ari ng babae o sa orifice ng isang indibidwal. Ang sapilitang pagpapahawak, pagpapasubo o pagpapapasok ng mga sensitibong bahagi ng katawan ay itinuturing ding panggagahasa. Ang panggagahasa, laluna ang maramihang panggagahasa o panggagahasa ng maraming salarin ay maaari ring gawin sa isang komunidad bilang porma ng pagpapasunod o pamamarusa. Ang panggagahasa ay maaari ring sundan ng ekstrahudisyal o tuluyang pagpaslang.

**SEKSWAL NA PANGMOMOLESTYA.** Tinutukoy nito ang anumang kaso kung saan ang katawan ay sapilitang linalamas, hinahalikan o kinakagat ng mga elemento ng militar o ahente ng Estado bilang porma ng tortyur, panghaharas o intimidasyon. Isa pang halimbawa ang pagpiring sa mata at paggapos sa kamay ng detenido habang gumagamit nang banyo habang mayroong mga hindi-kilalang taong naghuhugas at humahawak sa kanyang ari.

**PISIKAL NA ASOLT O PANANAKIT.** Tinutukoy nito ang hindi kinakailangan at iligal na paggamit ng pwersa ng mga elemento ng pulis at militar sa pambubugbog, pagbubuhat ng kamay at pananakit sa sinumang pinaghihinalaan sa panahon ng pag-aresto, pagdukot, demolisyon ng mga komunidad, pagbuwag ng mga piket, strike, rali at iba pang kilos protesta at mobilisasyon, na nagreresulta sa pinsala, pagkasugat o pagkabaldado ng mga biktima.

**PAMBABANTA, PANGHAHARAS O INTIMIDASYON**. Ito ay isinasagawa upang magtanim ng takot o pangamba sa isang pinaghihinalaang indibidwal o target sa pamamagitan ng pambabanta sa kanyang buhay, seguridad, personal na espasyo o pribasiya, puri, kalayaan at ari-arian o ng kanyang mga kaanak. Anumang grupo, organisasyon o komunidad ay

## DIANA ROSE RAZO, 21

Ekstrahudisyal na Pamamaslang; Panggagahasa

Ginahasa at pinaslang ng pinagsamang pwersa ng 22nd IBPA at 31st IBPA sa Brgy. Pampang, Castilla, Sorsogon noong Marso 19, 2017.



## EDWIN “KA DUPAX” DEMATERA

47 taong gulang
Pulang Kumander
Ekstrahudisyal na Pamamaslang; Hors de combat

Dinakip at binugbog saka pinagbabaril ng pinagsamang pwersa ng 31st IB at mga pulis sa Brgy. Incarizan, Magallanes, Sorsogon. Nagpapagamot si Ka Dupax noong panahong ito dahil sa pamamaga ng kanyang paa. Hindi siya armado at wala sa katayuang lumaban noong panahong pinaslang ng mga militar at pulis.



maaaring maging target. Ilang porma ng pambabanta at intimidasyon ang berbal na pang-aabuso; pambabansag; banta ng kapahamakan, berbal man o sa pamamagitan ng internet at text at iba pang teknolohikal na pamamaraan; nakapananakot na mga salita o aksyon; pagkuha ng larawan nang walang pahintulot ng kinukuhanan; paniniktik; interogasyon; ‘pag-alam at pagkategorya batay sa etnisidad o lahi’ ng mga katutubo.

Ilan sa mga kasong partikular na nakatuon sa mga tagapagtanggol ng karapatang tao ay ang pambabanta at pagsasampa ng mga kaso ng panghaharas at iba pang mga malisyoso, mapanggulo at mapang-akusang ligal na kaso at paglalabas ng mga hinabing atas ng pag-aresto; paglalagay sa pangalan ng isang indibidwal sa listahan ng militar ng mga ‘kaaway ng Estado’ tulad ng isang Order of Battle (OB); at paninira sa pamamagitan ng midya, pampublikong pagtitipon, asembleya at iba pang kahalintulad na daluyan na nagdudulot ng karahasan laban sa mga naturang indibidwal, grupo at organisasyon.

**PAGMAMANMAN AT IBA PANG PAGLABAG SA KARAPATAN SA MALAYANG PAKIKIPAGTALASTASAN.** Tinutukoy nito hindi na lamang ang pagharang, pagnakaw at pagbukas ng anumang porma ng talastasan upang makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng pagmamanman sa linya ng telepono, panghihimasok sa mga linya ng cell phone at internet at pagtatanim ng mga elektronikong kagamitang paniktik. Kabilang na rin dito ang paglalatag ng mga hayag at lihim na bumubuntot sa target.

### PAGLABAG SA MGA KARAPATAN NG MGA ARESTADO O DETENIDO

*a.* *Ng Miranda Rights* – ito ang hindi paglahad ng yunit na umaresto sa Miranda rights ng hinuling indibidwal na nagsasaad ng kanyang karapatan na manatiling tahimik at malaman na anuman ang kanyang sabihin ay maaaring gamitin laban sa kanya; karapatang pumili ng kanyang ligal na tagapagtanggol; at ang karapatan na malaman ang lahat ng naturang karapatan sa presensya ng kanyang ligal na tagapagtanggol sa panahong nasa

imbestigasyon o nakadetine at iniinteroga o iniimbestigahan nang may kaugnayan sa isang krimen.

*b. Ng karapatan sa malayang pakikipagtalastasan* – ang pagkakait, pag-antala, pagtanggi, paglimita o pagpigil sa isang inaresto o nakadetineng indibidwal na makipag-usap sa pamamagitan ng telepono, cellphone, at iba pa sa sinuman sa sumusunod: ligal na tagapagtanggol, kapamilya, kaanak, lider ng relihiyon, doktor, tagapayo at sinumang kinatawan ng alinmang organisasyong nagtataguyod sa karapatang tao sa layuning, kabilang ngunit hindi lamang, ang paglalahad ng kanyang kinaroroonan, iniralan ng kanyang aresto o detensyon at kasalukuyan niyang kalagayan.

*c. Ng karapatan sa ligal na tagapagtanggol* - ang pagkakait, pag-antala, pagtanggi, paglimita o pagpigil sa isang inaresto o nakadetineng indibidwal sa kanyang kagyat na karapatang mamili ng sariling tagapagtanggol.

*d. Ng karapatang bisitahin ng kanyang kaanak* - ang pagkakait, pag-antala, pagtanggi, paglimita o pagpigil sa isang inaresto o nakadetineng indibidwal sa kanyang kagyat na karapatang bisitahin ng kanyang kapamilya, kaanak o otorisadong kinatawan ng anumang organisasyong tagapagtaguyod ng karapatang tao.

*e. Incommunicado* - ang pagkakait o pagpigil sa isang inaresto o nakadetineng indibidwal na magkaroon ng akses sa anumang porma ng komunikasyon sa iba pang indibidwal liban sa kanyang mga tagapagbantay; karaniwang ginagawa ng mga ahente ng Estado sa panahon ng taktikal na interogasyon.

*f. Pagkulong nang mag-isa* – ang pisikal na paghiwalay sa isang detenido o bilanggo mula sa iba pang tulad niya, maging ito ay kaparusahan dahil sa anumang paglabag o hindi. Ito ay kilala rin sa taguring linalagay sa 'bartolina'.

## LOLITA PEPITO, 70
## RICHLYN LUNA, 12
## REDEN LUNA, 9

Masaker

Pinaslang sila ng 2nd IB, 903rd Brigade at 3rd Scout Ranger Company noong Abril 20, 2017 sa Sitio Lubigan, Brgy. Panan-awan, Cawayan, Masbate. Pinamumunuan ni Lt. Karlito John Cabillo ang yunit ng 2nd IB.



*g. Ng karapatang manatiling inosente habang hindi pa napatutunayang may-sala o karapatan laban sa pagkundena ng publiko o paghusga ng madla* – Ang pagpaparada sa masmidya (dyaryo, radyo, telebisyon o iba pang tipo ng midya) ng isang indibidwal na pinagkaitan ng kanyang kalayaan, inaresto o dinetine nang walang pahintulot ng indibidwal o ng kanyang piniling ligal na tagapagtanggol; pagdedeklara, paglalarawan, pagpapalabas o pagpapahiwatig na ang naturang indibidwal ay napatunayang may-sala sa mga krimen at nahulihan ng iligal na mga materyal.

*h. Hindi makatao, marahas at/o mapambusabos na pagturing o parusa* – panunudyo, panlilibak, panghahamak at mapang-alipusta o hindi-makataong pahayag at turing laban sa isang arestado o detenido o anumang kahalintulad na aktong mayroong parehas na intensyon at ninanais na epekto. May mga pagkakataong ang mga bisita ng mga detenidong pulitikal ay nakararanas din ng ganitong pagturing, halimbawa ang pagpapahubad at pagkapkap at sekswal na panghaharas.

*i. Kriminalisasyon ng mga pampulitikang aksyon* – ang patakaran at kaugalian ng Estado sa pamamagitan ng pulis, militar, at mga ahensya sa imbestigasyon, prosekusyon at hudikatura na hulihin, imbestigahan, kasuhan, isakdal, litisin at panagutin ang mga aktibista sa mga karaniwang krimen sa halip na mga pampulitikang kaso na may pagsasaalang-alang sa pagsasagawa ng mga ito sa kurso ng kanyang paglaban sang-ayon sa kanyang pampulitikang paninindigan. Kabilang dito ang pagkriminalisa ng mga sigalot sa usaping agraryo at paggawa na pinahihintulutan, pinalalampas at ipinag-uutos ng mga ahensya ng gubyernong lumalabag sa karapatan ng naturang mga sektor.

*j. Hindi makatwirang pag-antala sa mga pagdinig sa korte* – ito ang paglabag sa karapatan ng isang indibidwal na

# ISMAEL MORCO, SR., 61
# SAMUEL BLAZA, 62
# ROBERTO MONTECALBO

Ekstrahudisyal na pamamaslang

Pagpaslang sa tatlong tao sa tatlong araw sa Camalig, Albay. Ayon sa mga ulat, nanonood lamang ng TV si Morco nang may kumatok sa pinto at pagbabarilin siya nang pinagbuksan. Ganito ring estilo ng pagpatay ang ginamit kay Blaza.



makatamasa ng makatwirang bilis ng paglilitis kabilang ang iba't ibang pakulo ng panig ng prosekusyon o hukom upang maantala ang proseso, panghihimasok ng militar at mga ahente ng Estado sa proseso, at iba pa.

*k. Sapilitang pagpapatrabaho at pang-aalipin* – pagpilit sa isang arestado o detenido na gumawa ng anumang trabahong labag sa kanyang kalooban, at kadalasan, nang walang kabayaran.

*l. Iba pang porma ng pamimilit* – pamumwersa sa isang detenido na gumawa ng anuman nang labas sa kanyang kalooban dulot ng takot o pagpigil sa isang detenido na gumawa ng anumang bagay na hindi ipinagbabawal ng batas. Halimbawa nito ay ang pagpilit sa mga detenido na pumirma ng mga papeles ng pekeng boluntaryong pagsama sa otoridad o pagpapalit ng ligal na tagapagtanggol, pag-amin ng kasapian sa isang organisasyon, pag-amin sa isang krimen at pagbabalita nito sa mga kaanak, katrabaho at iba pa; at pagpigil sa detenido na bawiin ang kanyang pahayag na ilinahad sa panahong siya ay napilitan o pagpigil sa kanyang makipag-ugnayan sa midya at iba pang mga tagapagtanggol ng karapatang tao.

**PAGLABAG SA KARAPATAN SA MALAYANG PAGLAHOK.** Ito ang hindi makatwiran at iligal na pagkakait, pagtanggi o pagpigil sa pagbubuo o pagsali sa isang organisasyon at ang arbitraryong deklarasyon na iligal o terorista ang isang organisasyon. Kabilang din dito ang pagbuwag sa mga unyon; pagkakait, pagtanggi at pagbabawal ng mga organisasyon ng kabataan-estudyante, konseho, publikasyon at iba pang kolektibong aktibidad.

Ang pagkakait, pagtanggi o pagpigil na ito ay pinahihintulutan, pinalalampas, sinusuportahan at ipinag-uutos ng gubyerno alinsunod sa o bilang resulta ng isang pambansang patakaran o programa.

**PAGLABAG SA KARAPATAN SA MALAYANG PAGKILOS.** Tinutukoy nito ang paglabag sa karapatan ng isang indibidwal na arbitraryong isinama sa hold order list ng Bureau of Immigration at kung gayon ay hindi maaaring lumabas ng bansa, o kaya naman ay nakalista sa watch list at hindi maaaring umalis o kaya ay pinipigilan ng upisina o kinatawan ng airport immigration para sa imbestigasyon at panghaharas. O kaya naman, hindi pinapahintulutan makabalik sa kanyang bansa ang isang indibidwal.

Ang probisyon ng Anti-Terrorism Law (ATL) na nagpapahintulot sa pagpigil sa isang indibidwal na lumabas ng kanyang tahanan o komunidad ay paglabag sa karapatan sa malayang pagkilos.

**PAGBABAWAL SA O MARAHAS NA PAGBUWAG SA MGA PAGKILOS NG MASA, PAMPUBLIKONG ASEMBLEYA AT MGA PAGTITIPON.** Ito ang hindi makatwiran at iligal na pagkakait, pagtanggi o pagpigil sa malayang paglulunsad ng mga pagkilos ng masa, pampublikong asembleya at pagtitipon; at/o ang marahas na pagbuwag o sapilitang pagbuwag sa naturang mga aktibidad, maging ang mga ito ay saklaw o hindi ng pahintulot mula sa gubyerno. Kabilang din dito ang pang-aatake at pagbuwag sa mga piketlayn at paglabag sa karapatan sa tigil-paggawa.

**PANUNUPIL SA MIDYA.** Iba't ibang paglabag sa karapatang tao ang ginagawa laban sa mga kagawad at institusyon ng midya sa pagtatangkang patahimikin o parusahan sila. Liban sa mga nabanggit ng paglabag, narito ang ilan pang halimbawa:

a. Ang isang kagawad o institusyon ng midya ay sinampahan ng kasong slander (paninirang-puri), nanawagan ng

sedisyon, libel (hindi makatotohanang pagbabalita) o kaya ay ng maramihang kasong libel sa tuwing natatayang kritikal at mapagmatyag sila sa gubyerno at mga kasapakat ng administrasyon.

b. Ang isang lokal na istasyon ng radyo o dyaryo ay sapilitang pinasara, maaaring panandalian o permanente, sa tuwing natatayang kritikal at mapagmatyag sa lokal na naghaharing-uri. Ang mga programa ay pinahihinto nang panandalian o kaya naman ay permanente nang tinatanggal.

c. Mga istasyon ng midya na sinusunog, kinukumpiska o sinisira ang mga kagamitan, binubugbog na mga kagawad ng istasyon ng radyo, iniimbestigahan at pansamantalang dinedetine.

d. Mga upisyal ng mga programang maka-mamamayang nag-iisponsor sa midya ay dinarahas at hinaharas din.

e. Ang masahol pa, nagiging biktima sila ng ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawala.

## MGA PAGLABAG NA TUMATARGET SA MGA KOMUNIDAD

*a. Iligal (arbitraryo o hindi makatwirang) paghahalughog at pangungumpiska* – ito ang akto ng paghalughog sa isang lugar at/o ang pangungumpiska, sa arbitraryo, hindi makatwiran at iligal na pamamaraan, ng mga gamit o personal na ari-arian na pinaghihinalaang ginamit o gagamitin sa pagsasagawa ng isang krimen kapag alinman sa sumusunod ay nangyayari:

i. maraming butas at kakulangan ang ligal na batayan ng panghahalughog nang may pagsasaalang-alang sa katangian ng mga partikular na bagay at lugar na hahalughugin o kukumpiskahin, ang tagal ng bisa nito (minsan ay lipas nang warrant), maling pamamaraan ng paghahain nito halimbawa ay walang testigo, walang resibo, at iba pa;

ii. walang maipakitang ligal na batayan para sa paghalughog; o

iii. ang iligal na paghalughog ay walang kaugnayan para sa pag-aresto ng isang indibidwal.

*b. Panghihimasok sa mga Tahanan* – Ito ang akto ng pwersahan o lihim na pagpasok, pambubulabog at/o pag-okupa ng anumang pribadong tirahan o bahagi nito na pagmamay-ari ng isang



### HERMENIO ARAGDON, 69
### SOLEDAD ARAGDON, 60

Ekstrahudisyal na Pamamaslang

Pinaslang ng 83rd IB habang nagsasagawa ng operasyong militar sa tabing ng Peace and Development Teams (PDT) noong Setyembre 11, 2018 Pagkatapos nito, binihisan ang mga bangkay ng mag-asawa at pinaratangang mga kasapi ng NPA. Ipinakalat ito ng militar at hambog na dineklarang nakapatay sila ng mga Pulang mandirigma.

## ANDRES “KA CARLO” HUBILLA

58 taong gulang
Pulang Kumander
Masaker; Hors de combat

Pinaslang ng mga elemento ng Sorsogon Police Public Safety Coy (SPPSC), Military Intelligence Company (MICO), 31st IB at 22nd IB sa Sitio Namoro, Brgy. Trece Martires, Casiguran, Sorsogon. Batay sa ulat, walang naganap na palitan ng putok ng baril.

Hindi armado at walang kakayahang lumaban si Ka Magno noong panahong ito.

Kasama niyang pinaslang sina **Miguel “Ka Billy” Himor** at dalawang sibilyan, sina **Arnel Borres** at **Melquisidec Laura**.



indibidwal o komunidad nang walang ligal na pahintulot o nang labag at walang pahintulot ng may-ari at/o nakatira, maging ang intensyon ng pagpasok ay upang manghalughog o hindi.

*c. Saturation drive (pagbuhos ng pwersa) o “zoning”* – ito ang surpresong pagdeploy ng malaking bilang ng mga yunit ng pulis o militar at pagkurdon sa isang komunidad sa kanayunan o kalunsuran na nagdudulot ng iba’t ibang paglabag sa karapatang tao tulad ng sapilitang pagpapapila sa mga residente sa mga kalsada, pangangapkap, pagpapahubad, pambubugbog at pananakit at/o maramihang pag-aresto. Maaaring kasabay nito ang panghihimasok sa mga tahanan dahil sa paghahalughog sa mga bahay at maaaring tumungo sa pagsira o pagnakaw ng mga ari-arian.

*d. Iligal na mga checkpoint* – iligal at arbitraryong pagtatayo ng mga permanente at panandaliang checkpoint sa mga pampublikong kalsada at lugar. Sa ilang pagkakataon ay may kasabay itong interogasyon, pangangapkap, iligal na paghalughod ng mga sasakyan, bag at iba pang mapanghimasok na akto laban sa mga residente at dumaraan.

*e. Sapilitang Pagpapalipat* – sa iba’t ibang kadahilanan, ang sapilitang pagpapalipat sa grupo ng mga indibidwal o isang buong komunidad sa isang eryang pinili o itinakda ng lokal na yunit ng gubyerno at/o militar.

*f. Hamletting* – sa iba’t ibang kadahilanan, ang paglilipat sa isang buong sibilyang komunidad sa isang erya at pagsasailalim sa kanila sa tuwiran at mahigpit na kontrol ng militar, kabilang ngunit hindi lamang, ang pagpapataw ng oras ng curfew, paglilista ng mga pangalan ng mga residente, pagkontrol sa pagkilos ng masa sa loob at labas ng hamlet, pag-oobiliga na maglabas ng mga dokumentong nagpapatunay ng pagkakakilanlanan, at iba pa. Mayroong ding mga pagkakataon na hindi pinahihintulutang lumabas ng kani-kanilang bahay ang mga residente na katumbas na rin ng iligal na detensyon.

# PAGLABAG SA MGA PANG-EKONOMYA, PANLIPUNAN AT PANGKULTURANG KARAPATAN

**2201**

SAPILITANG PAGPAPALIKAS

1,150-Camarines Sur
9-Albay
1,042-Masbate

**12**

PANUNUNOG

2-Camarines Sur
8-Albay




**2***

BATANG NATIGIL SA PAG-AARAL

2 komunidad-Masbate

**99**

PAGNANAKAW

16-Camarines Sur
42-Albay
27-Sorsogon
14-Masbate

**PANINIRA NG ARI-ARIAN.** Ito ang pagwasak, pagpilay, pagsira o pagpinsala ng mga ari-arian ng mga residente bilang resulta ng panghahalughog at pangungumpiska, reyd, zoning, demolisyon, pagsagasa, panununog, istraping, walang habas na pamamaril at iba pang kahalintulad na sirkunstansya.

**PAGNANAKAW NG MGA ARI-ARIAN.** Ito ang pagkuha o pangungumpiska ng mga ari-arian sa pamamagitan ng pagkupit, pagnanakaw, pandarambong o pangingikil sa kurso ng paghahalughog at pangungumpiska, reyd, zoning, demolisyon at iba pang kahalintulad na sirkunstansya.

**DEMOLISYON.** Ang pagwasak sa mga kabahayan, tirahan, tindahan at iba pang istruktura sa mga komunidad ng kanayunan at kalunsuran, maging ito ay may kasabay na pandarahas laban sa mga residente o wala. Kadalasan itong ginagawa nang walang tunay at sapat na konsultasyon at ipinapatupad nang walang paunang anunsiyo, napagkasunduang relokasyon at mga alternatibong pagkukunan ng kabuhayan. Idinudulot ng demolisyon ang malawakang dislokasyon at pagkaantala ng kabuhayan ng mga residente.

**PANG-AAGAW NG LUPA.** Anumang akto, moda, mekanismo o praktika ng anumang makinarya, ahensya o ng sinumang pribadong indibidwal o grupo, lokal o dayuhan, na kumikilos sa pamamagitan o sa pakikipagtulungan sa alinmang makinarya o ahensya ng gubyernong nagreresulta sa pagnanakaw o pagpapalit-gamit at paglilipat ng pag-aari ng lupang nakatitulo o matagal nang inookupa at sinasaka ng mga

magsasaka at setler o lupang ninuno ng mga pambansang minorya; o anumang tipo ng rekonsentrasyon ng lupa o reporma sa lupang nagbabalik ng lupain sa kamay ng mga panginoong may-lupa, kumbersyon ng lupa, pagpapalit-tanim at iba pang mga dahilan.

**SAPILITANG PAGPAPALIKAS AT DISLOKASYON.** Pamimilit sa grupo ng mga indibidwal o isang komunidad na umalis, maging ito ay sa organisadong pamamaraan o hindi, mula sa kanilang mga tirahan at pinagkukunan ng kabuhayan, mayroon man o walang pinagkasunduang relokasyon. Kadalasang ginagawa ito upang bigyang-daan ang mga proyektong pangkaunlaran umano ng gubyerno, rekonsentrasyon ng lupa sa kamay ng mga panginoong may-lupa, pang-ekonomyang interes ng mga multinasyunal na korporasyon at iba pang mga iskema ng kumbersyon ng lupa.

**BLOKEYO SA PAGKAIN AT IBA PANG PANG-EKONOMYANG BLOKEYO.**
Pagpigil at pagkontrol sa kantidad at tipo ng suplay ng pagkain at iba pang pangangailangan ng isang indibidwal na maaaring ipasok at ilabas sa loob ng kanyang tahanan o komunidad gaya ng pagbabawal at pagkontrol sa palitan, produksyon, iba pang mga pang-ekonomyang aktibidad, alagang hayop, suplay ng tubig at iba pa sa loob ng mga komunidad.

**PAGKAKAIT SA MAKATAONG TULONG.**
Pagbawal o paglimita sa akses sa tulong at kawanggawa kabilang ang pagtanggi at pagpigil sa pagpasok, panghaharas o pagmamanman sa mga operasyong relief, medikal, solidarity, fact-finding at iba pang kahalintulad na misyon at aktibidad.

**PAGLABAG SA MGA KARAPATAN NG MGA MANGGAGAWANG MEDIKAL.**
Kabilang dito ang mga atake, panghaharas at intimidasyon sa mga propesyunal at manggagawa sa larangan ng medisina dahil sa ginawa nilang mga operasyong pangkagalingang sang-ayon sa kanilang etika bilang mga manggagamot, maging sinuman ang nakatanggap ng tulong na ito. Kabilang din dito ang pagpilit sa kanila sa pamamagitan ng banta ng pag-aresto o kapahamakan na magbigay ng impormasyon tungkol sa kanilang pasyente o naging pasyente at pagpilit sa kanilang huwag gawin ang karampatang panggagamot na nakasaad sa kanilang obligasyon bilang manggagawang medikal. Isa pang halimbawa ang malawakang iligal na pag-aresto, panonortyur at arbitraryong detensyon ng mga manggagawang medikal na nasa proseso ng pagsasanay medikal.

**ILANG PAGLABAG NA NAKATUON SA MGA BATA**

*a.* *Mga Batang Inulila* – Iba't ibang paglabag sa makataong karapatan laluna ang ekstrahudisyal na pamamaslang at sapilitang pagkawalan. Ang mga anak ng matatagal nang detenidong pulitikal at yaong nawalay sa kanilang mga pamilya dahil sa sapilitang pagpapalikas at dislokasyon ay tinuturing ding ulila.

*b.* *Pagkawalay mula sa mga magulang, kaanak at ligal na tagapangalaga* – Nangyayari ito kapag ang mga anak ng mga detenidong pulitikal o bilanggo at tuwirang biktima ng mga paglabag sa karapatang tao tulad ng ekstrahudisyal na pamamaslang, sapilitang pagkawala, sapilitang paglikas at dislokasyon ay isinailalim sa kustodiya ng militar, pulis o ahensya ng gubyerno kahit na mayroon silang mga kaanak o ligal na tagapangalagang nais at kayang mag-alaga sa kanila. Kabilang din dito ang pagpigil o pagtanggi ng mga ahensya ng

Estado na ayusin ang pagkikitang muli ng mga pamilyang pansamantalang nagkahiwa-hiwalay.

*c. Napilitang tumigil sa pag-aaral ng elementarya at high school* – Dahil sa pagiging anak ng mga detenidong pulitikal o bilanggo at tuwirang biktima ng mga paglabag sa karapatang tao tulad ng ekstrahudisyal na pamamaslang, sapilitang pagkawala, sapilitang paglikas at dislokasyon at iba pang kahalintulad na kaso.

d. Kawalan ng pasilidad para sa mga batang nasa evacuation at rehabilitation center na nagreresulta ng sakit, malnutrisyon, kawalan ng espasyo upang maglaro, sikolohikal na trauma, at iba pa.


*e. Sapilitang paggawa* - Ang mga batang napipilitang maglaro nang wala o kakarampot ang kita at walang maayos na kundisyon sa paggawa na nagbubunga ng pagbagsak ng kanilang kalusugan at pisikal na pag-unlad.

## LIDONG DAGANG, CARAMOAN,CAMARINES SUR

Pambubomba, Istraping; Sapilitang Pagpapalikas; Pambabanta; Pananakot at Panhaharas

Sapilitang lumikas ang 230 pamilya o humigit-kumulang 1,150 residente ng Lidong Dagang, Caramoan, Camarines Sur noong Agosoto 13 matapos maglaglag ng bomba, walang habas na magpaulan ng bala ng masinggan mula sa helicopter, magpasabog ng mga granada ng mga M203 at magpaputok ng mga armalite ang pinagsamang pwersa ng 83rd IB at Philippine Air Forces (PAF). Ikinatwiran ng mga militar na nagkaroon ng engkwentro sa NPA, kahit marami nang nagpatunay na walang NPA sa lugar sa panahong iyon.

Nagbakwit ang mga residente tungo sa barangay hall ng Garchitorena. Doon, pinuntahan sila ng mga militar at nagbigay di umano ng ayuda, na para bang sila pa ang tagapagligtas ng mga residente.



# HINGGIL SA INTERNATIONAL HUMANITARIAN LAW (IHL)

## 1160

### PAGGAMIT NG MILITAR SA SIBILYANG PASILIDAD

1 barangay-Camarines Norte
860 indibidwal, 6 na barangay-Camarines Sur
300 indibidwal, 1 barangay-Masbate

## 539

### PEKENG PAGPAPASUKO

539-Masbate

## 5

### PAGLABAG SA KARAPATAN NG HORS DE COMBAT

2-Camarines Sur
3-Sorsogon

## 1

### SAPILITANG PAGPAPAGIYA

1-Masbate




Ang International Human Rights Law ay mabisa sa lahat ng panahon, maging sa panahon ng kapayapaan o sa mga pagkakataong mayroong armadong sigalot. Sa kabilang banda, ang International Humanitarian Law naman ay nakatuon sa 'pagtitiyak na mananatiling makatao ang mga armadong tunggalian'.

Ang paglabag sa IHL ay paglabag sa karapatang tao. Ang ilang paglabag sa karapatang tao ay paglabag din sa IHL kapag ito ay isinagawa habang mayroong operasyong militar o anumang panahong may kaugnayan sa armadong sigalot:

a. Arbitraryo at tangkang pamamaslang sa pamamagitan ng mga mortar at malalakas na artilyeri, pambobomba, pambobomba mula sa ere, istraping, landmine;
b. Hamletting, sapilitang pagpapalikas, rekonsentrasyon at dislokasyon ng mga komunidad
c. Pagkawasak o pagnanakaw ng mga ari-arian
d. Iligal na checkpoint, iligal na paghahalughog at zoning o pagbuhos ng pwersa sa mga komunidad sa kanayunan;
e. Blokeyo sa pagkain at iba pang pang-ekonomyang pangangailangan;
f. Pambabanta, panghaharas at intimidasyon ng buu-buong mga komunidad;
g. Pisikal na pang-aatake o pananakit sa mga residente, laluna yaong pinaghihinalaang rebelde at mga tagasuporta nila;

## ALFREDO “KA BENDOY” MERILOS

56 taong gulang
NDF Consultant
Ekstrahudisyal na Pamamaslang; Hors de combat



Pinagbabaril ng pinagsamang elemento ng 9th IB, 92nd Division Reconnaissance Company (DRC), Civil Military Operations - 9th ID at Provincial Mobile Force Company (PMFC). Pinaslang din ng mga militar ang masang si Liz Ocampo. Noong panahong ito, wala sa katayuang lumaban si Ka Bendoy at nagpapagamot matapos atakihin ng mild stroke.

h. Hindi makatao, marahas o mapambusabos na pagturing;
i. Sapilitang paggawa at pang-aalipin sa mga nahuling kombatant at pinaghihinalaang tagasuporta;
j. Atake, panghaharas at intimidasyon laban sa mga manggagawang medikal at taong simbahan;
k. Paglabag sa mga karapatan ng bata; at marami pang iba

Liban sa mga nabanggit sa taas, narito ang ilan sa mga naitalang paglabag sa IHL:

**PAGLABAG SA KARAPATAN NG MGA HORS DE COMBAT.** Ang anumang aktong ginawa, maging sadya man o dahil sa kapabayaan, na nagresulta sa paglubha o pagtagal ng pinsala, sakit o pagdurusa; o nagresulta sa tuluyang pagkamatay; o ang sinadyang pananakit, pambabalda, panonortyur o pagpaslang sa isang kombatant na sugatan, may sakit, may tinamong pinsala o sumuko at kung gayon ay wala nasa katayuang lumaban (hors de combat).

**PAGTANGGING MAGBIGAY NG MEDIKAL NA ATENSYON.** Sa kurso ng armadong sigalot, ang pagtanggi o pagbabawal na agaran at/o sapat na paunang lunas, panggagamot o atensyon sa may sakit, sugatan o mamamatay nang indibidwal na nagresulta sa pagpapalubha o pagpapatagal ng kanyang sakit, pinsala o pagsurusa o nagdulot ng tuluyang pagkamatay, maging ang naturang pagtanggi ay sinadya man o hindi.

**PAMBIBIHAG.** Ang pagdukot at iligal na pang-aaresto at detensyon ng mga kapamilya ng mga kilalang lider ng mga rebeldeng grupo upang gipitin ang naturang mga indibidwal, paggamit sa kanila bilang pain o pantunton at bilang bahagi ng saywar. Pinakamasasahol na kaso nito ang ekstrahudisyal na pamamaslang o sapilitang pagkawala ng naturang mga kapamilya bilang kaparusahan at upang pahinain ang loob ng lider ng rebeldeng grupo.

**KARAHASAN LABAN SA KABABAIHAN.** Ang pang-aabuso sa kababaihan sa pamamagitan ng berbal, pisikal at sekswal na pamamaraan at ang panghaharas at/o pamimilit at panlalansi sa kanila upang maging karelasyon ng militar, kabit o kinakasama gayundin ang pagturing sa kanila bilang katulong. Tulad nang nabanggit sa itaas, ang panggagahasa, laluna na ang maramihang kaso nito, ay

maaari ring ipataw sa isang komunidad bilang paraan ng pagpapasunod o parusa.

**PAMIMILIT.** Ang pagpwersa sa isang indibidwal na gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kalooban o dahil sa takot sa pamamagitan ng paggamit ng pwersa, dahas, banta ng pananakit o intimidasyon. Ilan sa mga partikular na porma nito ang sumusunod:

a. *Sapilitang pagpapagiya sa mga sibilyan sa mga operasyon ng militar at pulis* – ang pamumwersa sa isang indibidwal na lumahok bilang boluntaryo o giya sa anumang aktibidad ng pulis at/o militar tulad ng pagpapatrolya, aktwal na labanan, operasyong paniktik, mga diumano'y civic operations, at iba pa;

b. *Ang paggamit sa mga sibilyan bilang pananggalang sa panahon ng mga operasyon ng militar at pulis* – ang mga residente ay ginagamit na pananggalang o depensa laban sa anumang atakeng ang target ay ang sandatahang lakas ng Estado sa pamamagitan ng pamimilit sa mga sibilyang sumama sa pwersa ng militar at pulis sa kanilang paglilibot; o mga militar na pansamantalang nakikitira sa bahay ng mga sibilyan.

c. *Sapilitang pagrekluta o pagpapaserbisyo* – pamimilit sa mga indibidwal na sumapi sa armadong pwersa ng Estado, isang yunit ng paramilitar o maging ahente ng gubyerno, mayroon man o walang kabayaran. May diin ang mga kaso ng pagrekluta sa mga batang hindi pa umabot sa 15 taong gulang.

d. *Sapilitan o Pekeng Pagpapasuko* – pag-uudyok, pagpapalabas o pamimilit sa isang indibidwal na sumuko sa otoridad o magpanggap na isang surrenderee o rebel returnee.

## APAT NA BARANGAY SA LIBMANAN, CAMARINES SUR

### Paggamit ng Militar sa Sibilyang Pasilidad; Pambabanta, Pananakot at Panhaharas



Mula Hunyo hanggang Setyembre 2018, sinalakay ng 903rd Brigade, 9th IB at 22nd IB ang mga barangay ng Udoc, Calabnigan, Villa Socorro at Tanag sa Libmanan, Camarines Sur. Naghimpil ang mga militar sa barangay hall, lying-in clinic, outpost, chapel, day care center, health center at shed house. Inisa-isa rn ng militar ang mga bahay sa pagsagawa ng census at ipinatawag ang ilang residente para sa interogasyon.

**MGA ATAKE SA O PAGGAMIT NG MGA ESKWELAHAN, PAGAMUTAN, SAMBAHAN AT IBA PANG PAMPUBLIKONG LUGAR O PASILIDAD PARA SA MILITAR.** Ang pagkawasak ng mga istruktura, pagpapataw ng mga restriksyon o pansamantalang paglalagay o pagtitindig ng mga kampong militar, detatsment o himpilan sa loob o labas ng paligid ng eskwelahan, ospital, klinika, simbahan, kumbento, barangay hall at iba pang pampublikong lugar na nagreresulta sa kapahamakan ng sibilyang populasyon.

**DESEKRASYON SA LUGAR-SAMBAHAN O PAMBABASTOS SA MGA RELIHIYOSONG AKTIBIDAD.** Kadalasang ginagawa sa mga erya kung saan malakas ang rebolusyonaryong kilusan, laluna sa mga komunidad ng mga Moro at pambansang minorya, ito ang akto ng pambabastos, pang-iinsulto, pagwasak at pagsalaula sa lugar-sambahan o anumang simbolo ng kanilang paniniwala o pambabastos sa kanilang mga kaugalian, kostumbre, ritwal, asembleya, pagtitipon o araw ng pag-alala nang walang pagkilala sa paniniwala o pangkulturang kaugalian ng naturang mga mamamayan.

**HINGGIL SA MGA NAPASLANG SA LABANAN O NAMATAY HABANG NAKABILANGGO**


*a. Desekrasyon ng bangkay* – ito ang pagsalaula sa isang indibidwal na namatay o pinatay sa pamamagitan ng pagkatay ng labi, pagparada ng bangkay nang nakahubad o halos nakahubad, pagpapabaya sa bangkay o pagpapalabas nito sa masmidya, at iba pang kahalintulad na gawi.

*b. Pagtangging ilibing nang maayos at pangtangging ibigay ang labi* – ang pagtanggi o pagbabawal sa isang disente at/o napapanahong libing at pagtangging ibalik ang labi sa mga kapamilya, kamag-anak o kanilang kinatawan.

# 539 RESIDENTE NG MASBATE

Pekeng Pagpapasuko

Ipinresenta ng 2nd IB, kasama ang Military Intelligence Company (MICO) at PNP, ang 539 sibilyan mula sa iba't ibang bayan ng Masbate bilang mga sumukong NPA. Naganap ito noong unang kwarto ng taon, laluna bilang salubong ng militar sa pagdating ni Duterte sa Masbate noong Enero.



# GABAY SA PAG-UULAT NG PAGLABAG SA KARAPATANG TAO

Ang karapatang tao ay ang kalipunan ng mga batayang karapatan na likas sa atin sapul nang tayo ay isilang sapagkat ito ang nagbibigay ng dignidad sa ating pagkatao. Tayo bilang tao ay may nararapat na kalayaan at karapatang makamit sa buhay. Ang sumusunod ang gabay para sa lalamnin ng ulat:

**1. ANO? -** ilahad ang tipo o klase ng paglabag ng mga pwersang militar.

**2. SAAN?** - ilahad ang eksaktong lugar o pinangyarihan ng paglabag o insidente. Dapat ilagay ang sityo o purok, barangay, bayan o syudad at prubinsya.

**3. KAILAN? -** ilahad ang eksaktong oras o panahon ng paglabag o insidente. Dapat ilagay ang oras, petsa at taon.

**4. SINO? -** ilahad ang pagkakakilanlan ng biktima at nambiktima. Sa biktima, ilahad ang buong pangalan, kasarian, edad, trabaho at iba pa. Sa militar, ilahad ang yunit, pangalan at ranggo. Ilahad din ang bilang ng biktima at nambiktima.

**5. PAANO? -** ilahad kung paano naganap ang paglabag sa karapatang-tao.

**6. BAKIT? -** ilahad ang naging dahilan ng paglabag sa karapatang-tao.

**TALA:** Sa pagpapadala ng reklamo o ulat, sikaping mailahad ang mga kinakailangang detalye, maging ang mga kinakailangang detalye, maging ang mga pinakamaliit na punto o kwento kaya nangyari ang paglabag.


Ipadala ang ulat sa pamamagitan ng text at/o sulat sa mga sumusunod:

- Organisasyong nagtataguyod ng karapatang-tao
- Organisasyong masa sa prubinsya at sa rehiyon
- Himpilan ng midya (radyo, tv, dyaryo at internet)
- Lokal na yunit ng gubyerno
- Progresibong simbahan (Katoliko, Kristyano at iba pa)

**Halimbawang Ulat**

Maray na hapon tabi. Digdi tabi samo sa Purok 1, Cabraran, Jovellar, Albay may mga militar na sige an pang-arabuso. Kasubagong alas 2 kan hapon, March 22, 2019, sapiritan linaog kan 6 na militar so balay ni Juan Dela Cruz, 36 anyos, paraguti ki nyog. Si Sgt. Luna kan 96th IB an nag CO sa mga militar. Sinipa si Juan Dela Cruz ni Sgt. Luna kan di sinda pipalaog. Pigsasabi kan militar na may pigtatago daang badil si Juan. Di mo na tabi pagbangiton sa ire an ngaran buda number ko. Salamat tabi – Jose Rizal, kapitbahay ni Juan dela Cruz.

***Maaari ring magpadala ng ulat sa mrbbikol@gmail.com at marojabanua.wordpress.com.***



# Isulong ang Digmang Bayan, Labanan ang RTF-ELCAC

**Pahayag ni Ka Raymundo Buenfuerza, Tagapagsalita ng Romulo Jallores Command (RJC-BHB-Bikol)**

Hindi kailanman magtatagumpay ang isang gerang kinatatangian ng pagiging marahas, kontra-mamamayan at reaksyunaryo. Ilanmang task force ang buuhin at pamunuan ng 9th IDPA, hindi ito magwawagi laban sa makatarungan at makatwirang rebolusyon ng mamamayan. Tiyak na bibiguin ng masang Bikolano, katuwang ang rebolusyonaryong kilusan, ang bubuuhing Regional Task Force at kakambal nitong pang-aatake sa mamamayan. Sa kabila ng kanilang mga pinalalabas na pahayag, nananatili at mananatiling bigo ang 9th IDPA at ang buong Joint Task Force Bicolandia sa pagpapahupa sa armadong pakikibaka ng masang Bikolano.

Mula nang tuldukan ng rehimeng US-Duterte ang usapang pangkapayapaan noong 2017 at tahasang iwasiwas ang pasista at kontra-mamamayang gera sa ilalim ng Oplan Kapayapaan at Kapanatagan, umabot na sa isang batalyon ng kaaway ang napinsala ng mga taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon. Samantala, nakasamsam ang Pulang Hukbo ng sapat na armas upang sandatahan ang hindi bababa sa isang kumpanya ng BHB. Kahit sa pinatinding koordinasyon ng militar at pulis mula nang mabuo ang JTFB noong Hunyo 11, 2018, nagtamo pa rin ang kanilang hanay ng hindi bababa sa isang kumpanyang kaswalti. Mula Marso hanggang Hulyo ngayong taon, naitala ang 59 na kaswalti sa hanay ng militar, pulis at mga ahente nito.

Kung may lumaki man sa datos ng 9th IDPA at JTFB, iyon ay ang bilang ng kanilang krimen laban sa mamamayan at mga orkestradong labanan. Ngayong taon, idinulot ng kanilang desperasyon na lumikha ng ilusyon ng tagumpay ang siyam na pekeng engkwentro. Kabilang dito ang isang misengkwentro sa pagitan ng yunit ng 83rd IBPA at Police Mobile Force Camarines Sur. Kinaugalian na ng 9th IDPA na gawing panabing ang palabas na mga engkwentro sa tuwing dadahasin ang masa. Isa sa mga tampok na kaso nito ang pagpatay sa mag-asawang Herminio, 69 taong gulang, at Soledad Aragdon, 60 taong gulang, sa Caramoan noong Setyembre 11, 2018. Buong kawalanghiyaang pinalabas ng 9th IDPA na mga kasapi ng BHB ang dalawang senior citizen at namatay umano sa gitna ng isang sagupaan.

Sa harap ng malaganap na teroristang atake at panunupil sa mamamayan, higit pang napapanday ang kapasyahan ng masang api at pinagsasamantalahan na tahakin ang landas ng armadong pakikibaka at taas-noong ipaglaban ang kanilang kalayaan mula sa kamay ng imperyalismo at lokal na naghaharing-uri. Ito ang aral na hindi matutunan ng mersenaryong hukbo sa kabila ng paulit-ulit na pagkabigo sa kasaysayan.

Hangga't binubusabos ng reaksyunaryong pwersa ang sambayanan at hanggat pasismo ang tugon ng kaaway sa makatwirang paglaban ng mamamayan, hindi titigil ang Pulang Hukbo at ang buong rebolusyonaryong pwersa sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.